# KALAGAYAN NG HEALTH WORKERS

Nagtatakbuhan palabas ng Tsina ang mga Bejo upang Iligtas ang sarili sa kumakalat na COVID19, patungo dito sa Pilipinas na bukas kamay na pinapayagan at tinatanggap ng pamahalaan ni Totoy Kulambo. Walang hindi papapasuking Bejo sa bansa dahil nakakahiya kay Xi na siyang magtatanggol sa pamahalaang ito kung magigising na ang maraming Pilipino at mag-inat at paalisin na si Totoy Kulambo sa kanyang puwesto. Habang pumapasok ang mga Bejo sa iba't ibang bahagi ng bansa, nagdeklara ang pamahalaang ito ng *lockdown* o tinatawag nilang *community quarantine* sa mga Filipino sa National Capital Region upang limitahan ang galaw ng mga tao upang 'di kumalat ang COVID19. Parang *bushfire* ang dating ng COVID19 sa bansa at patuloy na kumakalat, 'di lamang sa Kamaynilaan, kung hindi pati na rin sa mga kanayunan. Sa katayuang ito, maraming mga health workers ang dumadaing na parang pinabayaan na sila ng pamahalaan ni Totoy Kulambo dahil hindi kinakitaan ng malasakit ito sa hanay nila. Maraming netizen ang naglabas ng panawagan na tulungan natin ang mga fronliners natin sa iba't ibang pagamutan dahil kapos na kapos na sila sa gamit at sila mismo'y naka salang na sa peligro ng COVID19.

Maraming mga health workers ang napabalitang kinakikitaan na ng sintomas ng COVID19, ngunit patuloy pa rin sa pagganap sa kanilang tungkulin. Silipin natin ang isang pagamutan sa Lungsod ng Quezon na nagdeklara na hindi na tatanggap ng mga pasyenteng na may sintomas ng COVID19. Sa kadahilanan na ang kanilang mismong 39 na health workers ay Patient Under Investigation o PUIs at naka quarantine.  Kasama na rin dito ang mga nagpositibong doctor sa hanay nila. Marami sa mga insidenteng ito'y hindi maririnig o mababasa sa mga balitaan. Nagkakasakit na maging ang kanilang mga tauhan na tumututok sa mga pasyenteng may COVID19.  Hindi na payak ang usaping ito, lalo't ang mga health workers natin na ang siyang pangunahing dinadapuan ng sakit.  Sino pa ang tututok at gagamot sa mga taong may COVID19 kung ang mga health workers nati'y meron na rin?

Sa walang kahandaan ng pamahalaan ni Totoy Kulambo, ang mga health workers na mismong nasa pamahalaan ang humihingi ng ayuda o tulong upang magkaroon sila ng mga gamit na pro-protekta sa kanilang mga sarili. Walang glabs, alcohol at maging face mask ang ating mga bayani sa pagharap nila sa mga pasyenteng may COVID19, na kahit alam na alam nila na ito'y sadyang nakakahawa. Bigyan ninyo naman ng malasakit itong mga bayaning ito na siyang humaharap sa problemang pinabayaan ng pamahalaang ito. Huwag ninyo silang ipagwalang bahala, gamitin ninyo ang pera ng bayan na ikakagaling ng sambayanan. Ang bilyon bilyong perang pinagkatiwala ng bayan sa inyo, ilabas at gamitin. Hindi puro salita, lagyan ninyo ng gawa.

Silipin natin ang pambansang pagamutan, ang Philippine General Hospital o PGH, kamakailan, mahigit na 130 intern doctors, na nasa ilalim ng pagsasanay ang sinabihang huwag nang pumasok dahil sa COVID19. Subalit ang mga ito'y naglabas ng pahayag na sila'y magpapatuloy na mag duty sa harap ng banta ng pandemic COVID19. Hindi sila susuko at susuong sa panganib para sa kanilang mga kababayang kailangan ng kanilang serbisyo. Wow, iyan ang dedikasyon ng ating mga health workers na talagang inuuna ang serbisyo at hindi ang sarili.  Nakakataba ng puso ang ganitong balita na mismong ang mga tao ang nagboluntaryo para sa kapakanan ng kapwa. Sana naman, kakitaan ang mga nasa pamahalaan ng ganitong pagkalinga sa kapwa pinoy at hindi sa Bejong amo nila.

Dante P. Zamora

Umaapela ang Batingaw at ang mga katulad nitong mga manunulat sa mamamayan na alisin ang pangamba at harapin ang problema ng may kabukasan at sama samang pagkilos upang mapagtagumpayan natin ito. Kailangan ang taimtim na panalangin upang lalo mapagtagumpayan ang pagsubok na ito. Huwag tayong umasa sa pamahalaan ni Totoy Kulambo dahil ito'y walang pagmamalasakit sa Pilipino, bagkus maka-dayuhang bejo ang tayo nito.

Sa mga may kakayanan sa buhay, maging bahagi kayo sa labang ito. Samahan ninyo ang mga health workers natin sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang kailangan na labis sa inyo, upang sa pagharap nila sa COVID19, sila'y protektado at magampanan ng maayos ang kanilang tungkulin. Ang malakas na sambayanan, ang yaman ng bayan.

Dante P. Zamora